ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVII Blg. 12
Hunyo 21, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Kamtin ang mga pagbabago sa ilalim ng rehimeng Duterte

Sa loob ng ilang araw, iluluklok na si Rodrigo Duterte bilang bagong pinuno ng reaksyunaryong estado. Susubaybayan ng buong bayan ang bawat isasagawa niyang hakbangin. Aantabayanan siyang tuparin ang mga ipinangako niyang malalaking pagbabago sa saglit na tanganan niya ang kapangyarihan bilang presidente.

Sa mahabang panahon na naging kaibigan ng pambansa-demokratikong kilusan si Duterte, hindi lamang minsan siyang nakipagtulungan para isulong ang kapakanan ng mamamayan, tumutol at nanindigan laban sa dayuhang panghihimasok at nagpahayag ng paniniwalang malulutas lamang ang armadong tunggalian sa pamamagitan ng pagharap sa mga usaping nasa ugat nito.

Kaya naman positibo ang sambayanan sa kanilang pagtunghay sa magiging mga hakbang ni Duterte, laluna sa mga unang araw at linggo ng kanyang panunungkulan.

Sa kanyang unang mga araw, inaantabayang ipatutupad ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at pagsisimula ng usapang pangkapayapaan. Gayundin, inaabangan ng mga bakwit na Lumad na kaagad niyang ipag-uutos ang pag-alis ng mga tropa ng AFP sa kanilang mga komunidad upang sila'y makauwi at makapamuhay na nang payapa.

Inaabangan din na tutuparin niya ang pangakong wakasan ang sistemang kontraktwalisasyon pati na ang ibang katulad na sistema ng pleksibleng paggawa. Umaasa rin silang pakikinggan at susuportahan ng bagong presidente ang mga panawagan ng mga manggagawa para itaas ang arawang sahod at ipatupad ang pambansang minimum na sahod laluna sa harap ng labis na kakulangan ng kita at pagbagsak ng antas ng pamumuhay ng masang anakpawis.

Mahigpit ring sinusubaybayan ng bayan, laluna ng masang magsasaka, ang isasagawang hakbangin ni Duterte para tuparin ang pangakong ipamahagi sa maliliit na magniniyog ang pondong *coco levy*. Ikalulugod nila kung kagyat niyang isasakatuparan ang pangakong ibigay ang libreng irigasyon laluna sa harap ng El Niño at banta ng La Niña sa ibang lugar. Ang mga kagyat na hakbangin para ituwid ang pagtupad ng pamamahagi ng lupa sa Hacienda Luisita ay inaasahang bibigyang-prayoridad.

Inaabangan din kung ano ang isasagawang hakbangin ni Duterte para tuparin ang pangako niyang tutulan ang mapaminsalang pagmimina sa Pilipinas.

Hinihintay ring isasagawa kaagad-agad ang mga hakbangin para tugunan ang mga pangangailangan upang iahon sa pagkalugmok ang mga nakaligtas sa superbagyong Yolanda at sa pagpapabaya ng rehimeng Aquino. Inip na inip na rin sa kalinga at suportang panlipunan ang mga biktima ng nagdaang mga bagyo at mga likas na sakuna, pati na ang mga biktima ng militarisasyon sa iba't ibang panig ng bansa.

Aantabayanan ng bayan ang mga hakbangin ni Duterte para bigyang-prayoridad ang mga gastusing panlipunan upang ilaan ang mas mala-



king bahagi ng badyet ng estado para mabigyan ng libreng modernong serbisyong pangkalusugan, edukasyon at pabahay.

Inaabangan rin ang pagsuporta at pakikipagtulungan ni Duterte sa mga progresibong pwersa para kasuhan, ikulong, litisin at parusahan si Benigno Aquino III at kanyang mga kasapakat na upisyal sa malalaking kaso ng pandarambong sa DAP at maaanomalyang kontratang PPP.

Puspusang susuportahan ng sambayanan ang mga isasagawang hakbangin ni Duterte na alisin at parusahan ang mga sindikato sa droga, iligal na sugal at iba pang sindikatong kriminal na pinatatakbo ng matataas na upisyal sa pulis, militar at burukrasya.

Kikilos rin ang mga patriyotikong pwersa para labanan ang pakapal nang pakapal na presensya ng mga tropang militar ng US na animo'y nagbabantay at nagbabanta laban sa posibleng isagawang mga hakbangin ng rehimeng Duterte na nagtataguyod sa pambansang soberanya ng Pilipinas.

Gugunitain sa Hulyo 4 ang ika-70 anibersaryo ng pekeng kalayaan at pagtatatag ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas. Dapat igiit ng sambayanan ang pagbabasura ng mga tagibang na tratadong militar na EDCA, VFA, MLSA at MDT at pagbabaklas ng mga pasilidad at baseng itinatag ng US sa loob ng limang kampo ng AFP. Nais nilang kunin ang puspusang suporta ni Duterte sa panawagang ito.

Handa ang pambansa-demokratikong kilusan na makipagtulungan kay Duterte sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan upang buuin ang isang nagkakaisang programa para sa pagbabago. Sa panig ng NDFP, nakahanda itong ihapag ang isang programang sosyo-ekonomiko bilang panimulang balangkas para sa pakikipagnegosasyon at tuntungan para buuin ang isang pagkakaisahang plano para abutin ang makabuluhang pagbabago sa mga darating na taon para sa makatarungan at matagalang kapayapaan.

Handa rin itong makipagtulungan sa mga hinirang ni Duterte na upisyal na inirekomenda ng NDFP, pati sa ibang progresibong magpapatupad ng mga hakbanging magsisilbi sa demokratikong interes at kapakanan ng bayan.

Ang positibong mga hakbangin ni Duterte na tugunan ang mga karaingan at kahilingan ng mamamayan at ang bilis ng pagpapatupad ng gayong mga hakbangin ay tiyak na makapagpapatatag sa kahandaan ng pambansa-demokratikong kilusan na makipagkaisa at makipagtulungan sa kanyang rehimen.

Sa kabilang panig, makabubuti sa rehimeng Duterte na aktibong makipagtulungan sa mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa.

Kailangang puspusang pakilusin ang sambayanang Pilipino upang paalingawngawin ang sigaw para sa makabayan at demokratikong mga pagbabago at ipamalas ang kahandang makipagkaisa at suportahan ang mga hakbanging pabor sa mamamayan.

Ang pagbubuo ng isang nagkakaisang adyenda para sa pagbabago ay bahagi ng pagharap ng bayan sa uupong rehimen. Dapat tipunin ang pinakamalawak na pwersa at ipamalas ang kanilang pagkakaisa sa likod ng adyendang ito.

Buuin ang pinakamalawak na nagkakaisang prente at pagtulungan ang pagtitipon ng ilampu o daan libo sa mga asembliya at demonstrasyon para buong-lakas na itanghal ang mga kahilingan ng iba't ibang mga sektor at ipamalas ang malawak na pagkakaisa ng buong bayan.

Ang malakas na tinig ng nakikibakang sambayanan ay magiging isa sa mahalagang salik sa pagpapatatag ng pakikipagkaisa ni Duterte sa bayan at pagsusulong sa interes ng karaniwang mamamayan. Maaari rin nitong palakasin ang loob ni Duterte na mas patatagin ang pakikipagkaisa sa pambansa-demokratikong kilusan para sa pagsusulong ng makabuluhang mga pagbabago at para yanigin ang pundasyon ng naghaharing sistema. AB


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 12 | Hunyo 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman



| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Kamtin ang mga pagbabago sa ilalim ng rehimeng Duterte | 1 |
| Usapang pangkapayapaan sa Hulyo na | 3 |
| 2 pulis, inisparo sa Sorsogon | 3 |
| Militarisasyon sa mga Lumad | 4 |
| 2 BHB, pinaslang matapos pahirapan | 4 |
| Nasyunalismong anti-imperyalista | 5 |
| Liberalisasyon at denasyunalisasyon | 6 |
| Pinaliit na bilang ng mga *dropout* | 7 |
| Paglaban sa pasilidad ng US sa CDO | 8 |
| Demolisyon, salot sa maralita | 9 |
| Fabella, napigilang ipasara | 10 |
| Pagmimina sa Didipio, ipinrotesta | 11 |
| Pamamaslang sa Orlando, kinundena | 11 |
| Panghihimasok at krisis sa Venezuela | 12 |
| Hinggil sa Chavismo | 13 |



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Usapang pangkapayapaan, gaganapin sa Hulyo

Itinakda sa ikatlong linggo ng Hulyo ang muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Pilipinas (GPH) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Gaganapin ang mga negosasyon sa Norway na siyang tumatayong Third-Party Facilitator. Ito ang napagkaisahan ng susunod na *peace panel* ng GPH at NDFP sa ginanap na paunang pag-uusap nitong Hunyo 14-15 sa Oslo, Norway.



Sa pinagsamang pahayag ng dalawang panig, pinagkaisahan ding tatalakayin sa Hulyo ang sumusunod:

1) pagpapatibay sa nagdaang mga kasunduan;

2) pagpapabilis sa proseso ng mga negosasyon, kabilang na ang takdang panahon sa pagkumpleto ng natitirang makabuluhang adyenda na kinabibilangan ng mga sosyo-ekonomikong reporma; mga pulitikal at konstitusyonal na reporma; at pagtatapos ng mga labanan at disposisyon ng mga pwersa;

3) muling pagbubuo ng listahan ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG);

4) Proklamasyon ng pangkalahatang amnestiya para sa pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal, na may pagsang-ayon ng Kongreso; at

5) kondukta ng pansamantalang tigil-putukan.

Irerekomenda naman ng GPH panel sa papalit na presidenteng Rodrigo Duterte ang agad na pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP at iba pang tauhang protektado ng JASIG upang makalahok sila sa negosasyon, at gayundin ang agad na pagpapalaya sa mga bilanggo batay sa makataong mga batayan.

Samantala, nagpahayag ang alyansang Pilgrims for Peace na huwag manghimasok ang US sa negosasyong pangkapayapaan sa Pilipinas. Anito, ang patuloy na paglilista sa Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at kay Jose Ma. Sison bilang mga "teroristang organisasyon at/o indibidwal" ay hadlang sa mga pagsisikap na muling buhayin ang negosasyong pangkapayapaan.

Kaugnay nito, sinabi ni Jesus Dureza, ang itinalagang Peace Adviser ni Duterte, na maaari nilang hingin sa US na tanggalin sa listahan ng mga "terorista" si Prop. Jose Maria Sison upang "mapabilis ang paghilom ng mga sugat dulot ng pagkakaiba sa ideolohiya."

Sa pagbubukas ng isinagawang panimulang pag-uusap, pinasalamatan ng dalawang panig ang Royal Norwegian Government (RNG) sa pagpapapel nito bilang punong-abala. Sinabi naman ni Ambassador Elisabeth Slåttum na nananatili ang komitment ng RNG sa usapang pangkapayapaan bilang *third-party facilitator.*

Humarap sina Dureza, at mga itinalagang myembro ng panel na sina Silvestre Bello III at Hernani Braganza. Humarap naman para sa NDFP sina Luis Jalandoni, Juliet de Lima, Fidel Agcaoili, Coni Ledesma, at Chief Political Consultant Jose Maria Sison. Kasama nila ang iba pang mga konsultant at tagapayong ligal.

Nitong Hunyo, nagrali sa Maynila ang mga taong-simbahan at iba pang nagtataguyod ng kapayapaan, kasama ang bagong laya na mga detenidong pulitikal na sina Rosanna Cabusao at Isidro de Lima, para suportahan ang usapan. AB

## 2 pulis, inisparo sa Sorsogon

DALAWANG ELEMENTO ng Police Public Safety Company ang napatay sa operasyong isparo ng Bagong Hukbong Bayan sa Barangay Zone 8, Bulan, Sorsogon bandang alas 4:30 ng hapon noong Hunyo 3. Sina PO3 Teddy Sacupon at PO2 Efren Villamor Jr., kapwa operatiba ng intelidyens, ay nangungulekta ng parte nila sa iligal na sabong nang sila ay tambangan. Kasama nilang napatay ang impormer na si "Hemo" na nagsisilbi ring kolektor nila. Inamin ng tagapagsalita ng pulis na ang tatlo ay nasa upisyal na misyong paniktik, bagamat mayroon din silang mga iligal na aktibidad.

Samantala, naengkwentro ng isang yunit ng South-Central Bukidnon Subregional Command ang isang grupo ng mga paramilitar sa Sityo Tagikan, Barangay Indalasa, Malaybalay City, Bukidnon, noong Hunyo 5. Nagsalubong sa isang sapa ang mga Pulang mandirigma at magkapatid na lider ng paramilitar na sina Ricky "Mankolobi" Bocalas at Jojo "Manlumakad" Bocalas, na nagresulta sa pagkamatay ng dalawa. Nakuha mula sa dalawa ang kalibre .45 na pistola at isang KG-9 *sub-machine gun.*

Ang magkapatid na Bocalas ay kilala bilang mga kilabot na katuwang ng militar sa mga ekstrahudisyal na pagpatay ng mga Lumad na sanhi ng kanilang malawakang paglikas sa kanilang mga komunidad. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 4.)* AB

# Militarisasyon ng komunidad ng mga Lumad, nagpapatuloy

Walang humpay ang pang-aatake ng militar at kanilang mga paramilitar sa mga sibilyan ngayong papatapos na ang termino ng rehimeng US-Aquino. Nitong Mayo-Hunyo, mahigit 45 pamilyang Higaonon sa Misamis Oriental at 100 pamilyang Talaandig sa Agusan del Sur ang napilitang magbakwit mula sa kani-kanilang mga komunidad dulot ng matinding militarisasyon. Tuluy-tuloy din ang panggigipit sa mga eskwelahang Lumad.

Sa Misamis Oriental, mahigit 200 Higaonon ang naglakad papuntang Lagonlong Municipal Gym mula sa Sityo Camansi, Barangay Banglay, Lagonlong noong Hunyo 5 dulot ng pananakot at panggigipit ng militar. Sa araw na iyon, nagbahay-bahay ang mga elemento ng 58th IB para diumano'y magsarbey sa ngalan ng papasok na rehimeng Duterte. Ayon kay Nenita Helogon, *secretary-general* ng Tagtabolon, labag ito sa sinang-ayunan ng militar noong nakaraang taon na hindi papasukin ng mga nag-ooperasyong sundalo ang kanilang mga komunidad. Ang insidente ay pang-apat nang pagkakataon ng paglulunsad ng operasyong kombat sa ngalan ng "peace and development." Dahil dito, nagdesisyon ang mga residente na magbakwit patungong sentrong bayan para layuan ang mga sundalo. Pero sinundan sila ng mga ito sa *gym*, kung saan nagtayo ng tolda at *sound system* ang mga sundalo, nagprograma at nagkampo. Naglagay pa sila ng *donation box* para diumano sa mga Lumad.

Sa Agusan del Sur, nasa 486 indibidwal ang nagbakwit mula sa tatlong komunidad sa Barangay Zellovia at isang sityo sa Barangay Binicalan sa San Luis noong Mayo 13 para iwasan ang mga atake ng grupong paramilitar na pinamumunuan ng magkakapatid na Bocalas. Hindi bababa sa apat na Talaandig ang pinatay ng grupong ito mula 2015. Pinakahuli rito si Datu Mansulbadan Lalian, datu-supremo ng mga Talaandig, na pinatay ng magkakapatid noong Abril.

Samantala, dalawang eskwelahan ng mga Lumad ang nagsuspinde ng klase noong Hunyo 7 matapos gipitin ng militar ang mga guro at estudyante ng mga ito. Unang pinasok ng mga elemento ng 46th IB ang eskwelahan ng Salugpongan sa Sityo Kidaraan, Special Barangay Mascareg-Antipan sa Mabini, Compostela Valley. Pinagbantaan ng mga sundalo ang mga guro, kinuha ang kanilang mga pangalan at litrato. Sa parehong araw, hinarang ng mga sundalo mula sa 39th IB ang mga guro, estudyante at mga upisyal ng barangay na papunta sa kanilang eskwelahan sa Sityo Lamgawil, Barangay Datalbiao sa Columbio, Sultan Kudarat. Ang naturang paaralan ay pinatatakbo ng Center for Lumad Advocacy and Services o CLANS.

Sa kaugnay na balita, isang bahay ng magsasaka sa Sityo Cebole, Kapatagan, Laak sa Compostela Valley ang inistraping ng mga elemento ng Charlie Company, 60th IB, bandang 4:30 ng umaga noong Hunyo 2. Para pagtakpan ang paglabag, pinalabas ng AFP na isang lehitimong engkwentro sa pagitan nila at mga pwersa ng BHB-Guerilla Front 33, Southern Mindanao Regional Command ang pangyayari. Ligtas na nakalabas sa naturang bahay ang magkapatid na sina Randy at Aladin Rosquites. Ayon sa kanilang ina, batid sa buong baryo na may mga kamag-anak silang Pulang mandirigma kaya malamang ito ang dahilan kung bakit sila pinag-initan ng militar. Gayunpaman, hindi ito dapat dahilan para gipitin, at laluna para pagbabarilin silang mga sibilyan. AB

## 2 BHB, pinaslang matapos pahirapan ng militar

MARIING KINUNDENA ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan ang walang patumanggang pagpaslang ng AFP sa dalawang mandirigmang wala nang kakayahang lumaban sa Davao City noong Hunyo 9. Ayon kay Rubi del Mundo, tagapagsalita ng NDF-Southern Mindanao Region, ang mga krimeng ito ay huli lamang sa pinaigting na kampanya ng kinamumuhiang rehimeng US-Aquino sa huling mga linggo nito sa poder.

Noong Hunyo 9, naengkwentro ng mga myembro ng 1st Pulang Bagani Battalion ang mga elemento ng 72nd IB sa Sityo Palangag, Barangay Lumiad, Paquibato District sa Davao City.

Nagresulta ang engkwentro sa agad na pagkamatay ng mandirigmang si Mary Jane Quimbo (Ka Jane) at pagkadakip sa dalawa pa, sina Joel Biliran (Ka Will) at Elenita Garing (Ka Milo). Ayon sa mga residente sa lugar, nasaksihan nilang kinaray ng mga sundalo sina Ka Will at Ka Milo sa Lumiad bago sila pinaslang at itinapon sa kanal. Bakas sa kanilang mga bangkay ang mga marka ng tortyur. Pinaniniwalaang ginahasa ng mga sundalo si Ka Milo.

Ang krimeng ito ay huli lamang sa mahabang listahan ng mga krimen sa digma ng AFP sa lugar. Noong Hunyo 14, 2015, pinaslang ng mga sundalo ng 69th IB sina Datu Ruben Enlog, Randy Carnasa at Oligario Quino sa tinaguriang Paquibato Massacre. Isang linggo matapos ito, walang patumanggang pinaslang ng militar sina Leoncio Pitao (Ka Parago) at kanyang medik na si Vanessa Limpag (Ka Kyle).

Dagdag dito, tuluy-tuloy ang ekstrahudisyal na pamamaslang ng AFP at mga grupong paramilitar nito ng mga sibilyan. Kabilang dito sina Marjun Baruel na pinaslang ng mga sundalo noong Mayo 19, Paul Saludaga noong Mayo 21, Johnny Basilisco noong Hunyo 6 at Maria Cayag noong Hunyo 8.

# Palaganapin ang nasyunalismong anti-imperyalista

*Dapat balik-tanawin ng mamamayang Pilipino ang kanilang kasaysayan at itaguyod ang nasyunalismo batay sa nagkakaisang pagtatanggol laban sa kolonyalismo at mala-kolonyalismo.*


Ito ang mensahe ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pahayag nito noong Hunyo 12 kaugnay ng anibersaryo ng naunsyaming kasarinlan ng Pilipinas. Anang PKP, "matalas ang pagkabatid ng mamamayang Pilipino sa paborableng mga kundisyon at malawak na posibilidad ng pagtataguyod sa nasyunalismong anti-imperyalistang US at pagsusulong sa pambansang kalayaan sa ilalim ng di-papet ng US na rehimeng Duterte."

Maaaring suportahan ng mamamayan ang panawagan ni Duterte na muling pagsusulat sa kasaysayan ng Mindanao mula sa punto-de-bista ng pagtatanggol ng mamamayan laban sa kanilang mga mananakop, at pagpapatampok sa kabayanihan ng mamamayang Moro at Lumad laban sa mga kolonyalistang Espanyol at Amerikano, ...upang mailantad ang mga kasinungalingan ng imperyalismong US at ang kanilang mis-edukasyon sa mga Pilipino mula sa panahon ng pananakop hanggang sa kasalukuyan.

Sa lahat ng mga aklat sa kasaysayan na pinangasiwaan at pinondohan ng mga ahensyang US, sadyang pinaliit ang brutalidad ng US sa pagsakop at pagwasak sa bayan. Umaabot sa 1.4 na milyong Pilipino ang pinatay sa mga masaker, tortyur, at malawakang kahirapan at sakit sa Digmaang Pilipino-Amerikano.

Dapat masigasig na tutulan ang pagsisikap ng ilan sa akademya at burges na mga istoryan na baguhin ang kahulugan ng nasyunalismong Pilipino bilang produkto ng kolonyalismo at hindi bilang armas sa pakikibaka laban sa kolonyalismo.

Pinaglilingkuran ng ganitong mga istoryan ang interes ng imperyalismong US sa pagbibigay-katwiran sa kolonyalismo bilang isang bahagi lamang ng 'globalisasyon', ang pinadaling pagtanggal sa malalang kawalang katarungan, pang-aapi, pagsasamantala at pandarambong, sa karahasan at abusong nagpahirap sa mamamayang Pilipino. Sinisikap nilang palabuin ang patuloy na daloy ng kasaysayan sa pagitan ng kasalukuyang atrasado, agraryo at di-industriyalisadong sistema at ng nakaraang kasaysayan ng kolonyal na paghahari na nagbigay hugis sa panlipunan at pang-ekonomyang sistema batay sa interes ng mga monopolyo.




Itinutulak ng mga nabanggit ang pagbibigay-diin sa simpleng pagsasalubungan ng mga kultura ng kanluran at silangan at paglikha ng iba't ibang halu-halong kultura, o "cultural hybridity" upang umayon diumano ang pagtuturo ng kasaysayan sa mas modernong globalisasyon. Isinasantabi nito ang mga aral sa paglaban ng mamamayan sa pananakop ng imperyalistang kapangyarihan na siyang nagbuo sa pagkakaisa ng mamamayan bilang bansa o nasyon.

**Opensiba ng neoliberalismo sa kultura**

Sa pagpalo ng neoliberal na opensibang pangkultura noong dekada 70, unti-unting naglaho ang laganap na pagtutol sa komodipikasyon ng kultura. Pinalitan ito ng konseptong ang mga "industriya sa kultura" ay dapat magsilbing kawing sa pagitan ng "kultura" at ng "merkado", at makatulong sa pagpapaunlad ng ekonomya. Kabilang sa mga hakbang na ipinalaganap sa panahong ito ang pagpapataw ng Intellectual Property Rights sa mga akda, musika at maging mga ideya na epektibong nagtransporma sa mga ito bilang mahahalagang kalakal na pagtutubuan ng malaki.

Pinalitaw na hiwalay ang merkado ng industriya sa kultura sa tuntungan nitong *military-industrial complex* at ng monopolyo kapitalismo, at hindi simpleng salamin ng huli. Wari'y makakayang paunlarin ng mga indibidwal ang lipunan sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang pamumuhay o kaya sa pagiging responsableng mga mamimili.

Kaakibat ng opensibang pangkultura ang pang-ekonomya at pulitiko-militar na mga opensiba, na pinangungunahan ng US sa ambisyon nitong mangibabaw sa lahat ng aspeto ng lipunan. Bentekwatro oras na gumigiling ang kanilang makapangyarihang makinarya ng sistemang masmidya na pinakaabante sa teknolohiya sa buong daigdig at may kakayahang lumikha ng mga tinaguriang "reyalidad" na aayon sa layon ng imperyalistang paghahari. Pinalalabas na dapat malayang humuthot ng tubo ang mga monopolyo kapitalista nang walang paglilimita ng gubyerno, sa ngalan ng "malayang kalakalan" o neoliberalismo.

Ang konsepto ng globalisasyon ay inimbento at pinalalabas na instrumento ng pagkakapantay-pantay ng iba't ibang bayan habang itinatambak sa mga ekonomya ng atrasadong mga bayan ang kapital, mga produkto at serbisyo ng mga monopolyo. Pinalaganap ang "war on terror" upang bigyang-matwid ang

panghihimasok ng US sa iba't ibang bansa, at paglulunsad nito ng mga gerang pananakop at kolonisasyon bilang kampyon ng "anti-terror."

Kasabay ng denasyunalisasyon sa ekonomya, unti-unting inuk-ok ang nasyunalismo ng dekada 1960. Nalinang at naipalaganap sa kultura ang sukdulang indibidwalismo, pangarap na yumaman sa pamamagitan ng pagbebenta ng talento sa mga korporasyon, at konsumerismo na walang pagkabahala sa matagalang pangangailangan ng lipunan. Nariyan din ang pagkahumaling sa mga pantasya at mga larong kompyuter, hayag at tagong rasismo, panggagaya sa pamumuhay ng mayayaman o mga produktong "imported", at pagbubunyi sa gera, lalo na ang paggamit ng mga armas na *high-tech.*

Kabilang dito ang pagkubli sa bangis ng US *special forces* sa bagong imahe nila bilang mga tagapagligtas at mapagkalinga sa mga *rescue operation* at *mercy mission.* Gayundin ang Oplan Bayanihan, na labis na pinalaki ang gastos at pinalaki ang saklaw upang magmukhang para sa kapayapaan at maitago ang tunay na katangian bilang gerang mapanupil sa mamamayan.

KAPAG HINDI NILABANAN at dinaig, ang opensiba sa kultura ay lilikha ng petiburges na kulturang magpapamanhid sa masang anakpawis upang huwag lumaban. Mahahadlangan ang pagpapaunlad ng kanilang makabayan, rebolusyonaryo o sosyalistang kamulatan. Ang patriyotiko, progresibo at rebolusyonaryong kilusang masa ay dapat magsulong ng nasyunalismong anti-imperyalista bilang kontra-opensiba sa neoliberal na opensibang ito.

Ayon sa PKP, "Ang mabilis na umuusbong na alyansa sa rehimeng Duterte ay pwede ring makarating sa pagtutulungang maipalaganap ang nasyunalismong may malinaw na anti-imperyalistang nilalaman, hindi ang mababaw na nasyunalismong pinalalaganap ng komersyal na midya.

# Liberalisasyon at denasyunalisyon

*(Pangatlo sa serye kaugnay ng neoliberalismo. Sa unang mga bahagi, tinalakay ang kasaysayan ng neoliberalismo sa Pilipinas at ang serye ng mga batas at kautusang nagpatupad ng neoliberal na pribatisasyon at deregulasyon sa bansa.)*

Isa sa mga larangan ng sistemang panlipunan sa Pilipinas na hindi kailanman naging "independyente" mula sa kontrol ng dayuhan ang lokal na ekonomya. Mula't sapul, nakapailalim sa imperyalismong US ang lahat ng mga aspeto nito. Sa ilalim ng neoliberal na kaayusan, lalupa nitong hinigpitan ang kontrol sa mga sektor at subsektor ng lokal na ekonomya, kapwa bilang tambakan ng sobrang produkto at kapital, at huthutan ng hilaw na materyales.

**Liberalisasyon ng kalakalan**

Matapos ang panimulang pagpapatupad ng pagbababa ng taripa sa inaangkat na produkto sa ilalim ng diktadurang Marcos, umarangkada ang liberalisasyon ng kalakalan sa ilalim ni Corazon Aquino. Noong 1986-1989, tinanggal ang mga restriksyon sa pag-aangkat ng 1,332 klase ng mga produkto.

Sa ilalim ng rehimeng US-Ramos, pinagtibay noong 1994 ng Senado ang General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) at naging myembro ang Pilipinas sa World Trade Organization sa sumunod na taon. Sa ilalim nito, tuluyang tinanggal ang mga restriksyong kantitatibo (o pagtatakda ng pahihintulutang dami) sa pag-aangkat ng mga produktong agrikultural at nagpataw ng mababang taripa sa mga ito. Gayundin, naibaba ni Ramos ang lahat ng taripa tungong 5% sa pamamagitan ng serye ng mga kautusang ehekutibo noong 1996-2003. Ipinagmamalaki niya noon na ang Pilipinas ay "nauuna sa iskedyul" ng GATT sa pagbababa o pag-aalis ng taripa.

Pagsapit ng 2004, ang mga taripa at iba pang buwis ng Pilipinas ay nasa pinakamababang antas na kumpara sa ibang bansa sa Asia. Pero sa panahong ito, natigil ang implementasyon ng GATT sa buong mundo dahil maraming bansa ang tutol sa iba't ibang itinatakda ng kasunduan. Sa tulak ng US, pumasok sa iba't ibang tagibang na mga kasunduan ang Pilipinas para lubusin ang liberalisasyon sa kalakalan.

Kabilang dito ang Asia Pacific Economic Cooperation at ASEAN (Association of Southeast Asian Nations) Free Trade Area at mga kaugnay nitong bilateral na relasyon sa China, New Zealand, Australia, India, Japan at South Korea. Noong 2008, pinirmahan ng rehimeng Arroyo ang kasunduan sa Japan (Japan-Philippine Economic Partnership Agreement). Nitong 2015, sinimulan ng pangalawang rehimeng Aquino ang negosasyon para sa European Union-Philippines Free Trade Agreement. Pinakahuli sa mga kasunduang ito ang Trans-Pacific Partnership.

Sa ilalim din ni Aquino, sinagad ng reaksyunaryong estado ang pagbubukas sa mga sektor ng ekonomya na may natitirang proteksyon. Isa-isa nitong inilusot ang mga patakarang nagbaklas sa mga restriksyon habang pana-panahong tinatangkang amyendahan ang mga probisyon sa ekonomya ng konstitusyong 1987. Isinabatas nito ang Fair Competition Law na nakatuon sa lalo pang pagbubukas sa sektor ng telekomunikasyon, lokal na kalakalan sa pagkain at iba pang sektor na binansagan nitong monopolisado.

Inamyendahan din nito ang Cabotage Law para pahintulutan

ang mga dayuhang barko na direktang dumaong sa mga lokal na pantalan at kontrolin ang kalakalan dito. Tinanggal sa listahan ang mga dayuhang restriksyon sa pag-aari ng mga negosyo ng pagpapautang, pamumuhunan at iba pang kumpanya sa pinansya. Binawi din nito ang mga restriksyon sa mga dayuhan na magtrabaho sa mga negosyong parmasyutika at ibang trabahong pangkalusugan, *criminology, forestry* at abugasya.

**Denasyunalisasyon ng likas na yaman at rekurso**

Partikularidad sa mga bansang malakolonyal ang pagpapatupad ng mga batas, patakaran at hakbanging nakatuon sa denasyunalisasyon o pagbabaklas ng pambansang patrimonya at pagbibigay ng papalawak na karapatan sa mga dayuhan na dambungin ang likas-yaman ng Pilipinas.

Inamyendahan ng unang rehimeng Aquino noong 1987 ang Omnibus Investment Code para ibukas ang lokal na merkado sa dayuhang pamumuhunan kasabay pa ng mga insentibang pabor sa kanila. Kabilang dito ang di pagbabayad ng buwis ng ilang taon at karapatang iuwi ang 100% ng kanilang tubo.

Pinagtibay noong 1991 ang Foreign Investment Act na nagpahintulot sa 100% dayuhang pag-aari sa lahat ng negosyo liban sa ilang sektor na ikinategorya nito sa tatlong "Negative List." Noong 1996, ibinasura ni Ramos ang Foreign Investment List C, na nagbabawal sa dayuhang pamumuhunan sa sektor na may sapat nang bilang ng mga empresa para sa lokal na pangangailangan.

Gayundin, noong 1994, ipinasa ang Foreign Bank Liberalization Law na nagpahintulot sa operasyon ng mga dayuhang bangko sa bansa. Inamyendahan ang batas na ito sa sumunod na mga taon (General Banking Law ng 2000 at Foreign Bank Liberalization Act of 2014) para palawakin ang saklaw nito. Noong 2013, inamyendahan ang Rural Bank Act of 1992 para pahintulutang bilhin ng dayuhang mamumuhunan ang maliliit na bangko. Dagdag na pang-engganyo ang karapatan nilang mag-ilit ng lupang ginamit bilang kolateral sa pautang.

Sa dekadang 1990 din, pinagtibay ang Exports Development Act, Further Liberalization of Foreign Investments Act, ang mga batas na nagtatag sa Philippine Export Zone Authority at iba pang engklabong pangdayuhan. Ang mga ito ay nagbigay-laya sa mga dayuhan at kanilang lokal na kasosyo na samantalahin ang mura at kiming lakas-paggawa ng bansa, gayundin ang pagliligtas sa kanila sa pagbabayad ng buwis.

Isa sa pinakamatinding batas na nagbukas sa rekurso ng bansa sa dayuhang pandarambong ang Mining Act of 1995. Binigyan ng batas na ito ang mga dayuhang kumpanya ng karapatan na magmay-ari ng 100% ng mga empresa sa pagmimina, matagalang kontrol sa napakalawak na mga lupain, at nagpahintulot sa kanilang walang-buwis na pagluluwas ng mga mineral at kita. Pero dulot ng matinding oposisyon, natengga ang batas na ito dahil sa mahabang deliberasyon ng Korte Suprema kaugnay sa pagiging konstitusyunal nito. Noong Enero 2004, nagdesisyon itong di-konstitusyunal ang batas pero binawi rin pagsapit ng Disyembre. Noong 2012, isinabatas ni Aquino ang Executive Order 79 na nagbawal sa mga lokal na gubyerno na hadlangan ang *open-pit mining* at iba pang mapaminsalang operasyon ng mga mina.





## DepEd, pinaliit ang bilang ng mga *dropout* sa hayskul

PINASINUNGALINGAN NG Kabataan Partylist (KPL) at mga grupo ng estudyante ang mga pahayag ng Department of Education (DepEd) na umaabot sa 90% ang tantos ng enrolment sa unang taon ng pagpapatupad ng *senior highschool* (SHS). Ayon sa KPL, pinaliit ng DepEd ang orihinal na bilang ng papasok sa Grade 11. Mula 2.5 milyon, ginawa itong 1.5 milyon para itago ang malaking bilang ng estudyanteng hindi nag-enrol matapos ang apat na taong hayskul.

Bago nito, ipinagmayabang ni Sec. Armin Luistro ng Department of Education na "pinakamahusay sa lahat" ang naganap na pagbubukas ng klase noong Hunyo 13. Ani Luistro, umabot na sa 1,039,047 mag-aaral ang naiulat na nag-enrol sa Grade 11 o 90% sa mga estudyanteng inaasahang mag-enrol sa SHS.

Pinuri maging ng papasok na kalihim ng DepEd na si Leonor Briones ang K-12. Diumano, ang tantos ng *dropout* sa SHS ay mas mababa pa rin kumpara sa mga nakapagtapos ng hayskul na hindi na nagpapatuloy sa kolehiyo.




Taliwas sa pahayag ni Luistro ang mga ulat sa mga rehiyunal na upisina ng DepEd. Ayon sa DepEd-Central Luzon, mahigit 42,000 na mga mag-aaral ang hindi nag-enrol sa SHS dahil sa kawalan ng kakayahang tustusan ang gastos nito. Sa Western Visayas, 42% o 27,277 mag-aaral ang hindi nakapag-enrol mula sa inaasahang 64,548 nakapagtapos ng Grade 10 (*junior high school*). Umabot naman sa mahigit 50% ang hindi nag-enrol sa Grade 11 sa CAMANAVA (Caloocan-Malabon-Navotas-Valenzuela).

Kasabay nito, libu-libo ang nagreklamo sa kakulangan ng mga guro, masisikip na silid-aralan, di sapat na mga materyales at libu-libong huling nagpa-enrol sa buong bansa. Ayon sa DepEd-Central Visayas, inuna nila ang pagsasakatuparan ng K-12 kung kaya't hindi nila napagtuunan ng pansin ang iba pang mga problema sa sistema.

Tinuligsa ng KPL ang DepEd sa pagmamatigas nitong ipatupad ang dagdag na dalawang taon sa hayskul gayong nananatili ang batayang mga suliranin sa sistema ng edukasyon. Sa ulat ng DepEd sa Kongreso, kada taon ay kailangan ng dagdag na 20,000 hanggang 28,000 na silid-aralan. Subalit noong 2014, umaabot lamang sa 66,800 ang nalikha mula sa 113,000 na kinakailangang mapunan sa buong bansa. Hindi pa kabilang dito ang mga silid-aralan na kailangan para sa SHS. Kailangan din ng mahigit 60,000 hanggang 80,000 dagdag na mga guro at 60 milyong mga bagong teksbuk na maglalaman ng kurikulum ng K-12.

Sa Metro Manila, 181 pampublikong paaralan lamang ang may SHS, samantalang 574 pribadong paaralan ang binigyan ng permiso para rito.

Sa pangunguna ng Anakbayan at League of Filipino Students (LFS), inilunsad ang pambansang protesta sa unang araw ng klase upang ipanawagan ang pagbabasura ng makadayuhang K-12 at igiit ang paglikha ng mga hanapbuhay sa loob ng bansa.

Naglunsad ng katulad na mga kilos protesta sa Baguio, Iloilo, Laguna at Cagayan de Oro.

Ayon kay Charisse Bañez ng LFS, nagsisimula pa lamang ang kaguluhan ng programa. Lilikha ang K-12 ng milyon pang mga kabataang walang trabaho at magpapalala ng krisis sa sistema ng edukasyon at buong lipunan, aniya.

Puna rin ng LFS, patunay ng kabiguan ng K-12 ang pagpapatupad ng mga espesyal na mga hakbang tulad ng pagbubuo ng mga "senior high school desk," pagpapahaba ng panahon para mag-enrol at "child-finding" na mga aktibidad ng DepEd.

Ang tumitinding komersyalisasyon sa edukasyon ay nagpapatuloy na balakid sa mga kabataan, lalo na ang mga mahihirap, upang makapag-aral. Nitong nakaraang linggo, pinahintulutan pa ng kasalukuyang rehimen na magtaas ng matrikula at iba pang bayarin ang 1,232 pribadong eskwelahan sa elementarya at hayskul, gayundin ang 304 kolehiyo at unibersidad.

Pinalala rin ng K-12 ang palpak na oryentasyon ng sistema ng edukasyon na nakatuon sa paglikha ng mga manggagawang may kasanayan upang maglingkod sa dayuhan at pribadong interes. AB

## Konstruksyon ng pasilidad ng US sa CDO, tinutulan

UMAABOT SA 2,500 ang nagmartsa sa Cagayan de Oro City noong Hunyo 4 para labanan ang planong konstruksyon ng base militar ng US sa Lumbia Airport. Ang naturang paliparan ay isa sa limang pasilidad na iginawad ng papet na rehimeng Aquino para sa gamit ng US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. Pinangunahan ng Bayan-Northern Mindanao (NM) ang rali, kasama ng United Churches of Christ in the Philippines (UCCP), Gabriela at League of Filipino Students.

Itinaon ng mga raliyista ang martsa sa ika-116 na anibersaryo ng labanan sa pagitan ng tropang Amerikano at tropang Pilipino sa Makahambus Hill noong Hunyo 4, 1900 sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Hindi nalalayo ang Makahambus Hill sa Lumbia Airport. Ayon kay Wildon Baron ng Bayan-NM, malaking insulto ang pagtatayo ng pasilidad ng US sa mga Pilipinong nagbuwis ng dugo sa halos parehong lugar para lumaya ang bansa sa kolonyalismong US.

Dagdag ni Bishop Beamboy Labuntoy ng UCCP, hindi lamang ang pasilidad sa Lumbia ang tinututulan nila, iginigiit nila ang pagtigil ng implementasyon ng EDCA sa buong bansa. Ang pananatili ng mga base militar nito sa Pilipinas ay simbolo na nagpapatuloy ang paghahari ng US sa bansa, aniya.

# Mga demolisyon, salot sa maralita

Matapos ang tradisyunal na pagpapaliban ng gubyerno sa demolisyon ng mga komunidad ng maralita para kunin ang kanilang boto nitong nagdaang eleksyon, muling pinasimulan ang pagpapalayas, karahasan at pagtatapon sa kanila.



Sa Quezon City, marahas na winasak ng lokal na pamahalaan sa pamumuno ni Mayor Herbert Bautista ang dalawang komunidad ng mga maralita upang bigyang-daan ang mga pribadong mamumuhunan sa syudad.

Sa Brgy. Culiat, binuwag ng mga pulis noong Hunyo 14 ang itinayong barikada ng mga residente ng Secret Garden compound sa kahabaan ng Luzon Avenue upang wasakin ng *demolition team* ang kabahayan ng mga maralita. Ihinarang ang malalaking kahoy at maging mga traysikel at matapang na nilabanan ang pag-abante ng mga pulis at *demolition team.*

Ayon sa Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay), iligal ang ginawang demolisyon dahil walang utos galing sa korte, walang *writ of execution,* at walang relokasyon. Iniulat din ng Kadamay na maraming residente ang nagtamo ng mga sugat at ang ilan ay dinala sa ospital.

Noon namang Hunyo 16, dinemolis din ang mga kabahayan sa Apollo Street, Barangay Tandang Sora. Hindi bababa sa limang residente, kabilang na ang isang buntis, ang nasugatan sa ginawang demolisyon.

Dati nang tinukoy ng Kadamay ang Quezon City Development Plan bilang balangkas ng mga demolisyon. Layunin ni Mayor Bautista na gawing mas komersyalisado at nakatuon sa ganansya ang syudad, sa kapinsalaan ng lahat ng maralitang-lunsod. Anang Kadamay, ang kaugnay na patakarang "Zero ISF" (Informal Settler Families) ay mapang-api at mapanganib sa 1.3 milyong maralitang lunsod na bumubuo ng 42% ng populasyon ng Quezon City. Sa ilalim ng rehimeng US-Aquino, 18 lider na mula sa Kadamay ang pinatay.

Malaon nang kinukundena ng Kadamay na paglapastangan sa kanilang mga karapatan sa kabuhayan at disenteng pabahay ang mga demolisyon.

**Iba pang atake sa maralita**

Samantala, nagpapatuloy ang banta sa kabuhayan ng mga maralita sa iba pang bahagi ng National Capital Region. Sa Caloocan City, nagbarikada rin ang ilang residente sa Brgy. 162 Sta. Quiteria noong Hunyo 14 bilang depensa sa nakaambang demolisyon. Iginigiit ng mga residente na matagal na silang nakatira sa lugar at wala ring maipakitang kaukulang dokumento ang mga umaangkin sa lupa. Hindi rin umano kinikilala ng lokal na pamahalaan ng Caloocan ang isinusumiteng mga dokumento ng mga residente. Tinatayang mayroong 13 kabahayan, 25 pamilya, at 65 indibidwal ang mawawalan ng tirahan.

Tuluy-tuloy naman ang atake sa mga tahanan sa Pangarap Village, Caloocan City, na bahagi ng 7,008 ektaryang inaangkin ng pamilyang Araneta. Noong Mayo 21, walang abisong giniba ng mga tauhan ni Araneta ang isang bahay, at sinundan pa nito lamang Hunyo 11, kung kailan isang *compound* naman ng mga kabahayan ang dinemolis. Binulabog ang mga residente ala-una ng madaling-araw, tinipon sa isang bahay at tinutukan ng baril, at pinagnakawan ng mga gamit.

Sa Mandaluyong City, nanganganib na mawalan ng tirahan ang higit sa 25,000 pamilya sa itinutulak na Welfareville Development Project. Sa 110 ektaryang lupaing pampubliko, 50 ektarya ang residensyal, at ang iba pa ay kinatatayuan ng mga ahensya at institusyon ng gubyerno. Ang proyektong Public-Private Partnership na ito ng gubyernong Aquino ay naglalayong isapribado ang pampublikong lupain at pagtayuan ng mga komersyal na gusali.

Mahigit 10 milyon mamamayan namang naninirahan sa paligid ng Laguna Lake ang mawawalan ng mga tirahan at kabuhayan sa muling pagbubukas ng Laguna Lakeshore Expressway Dike Project. Apektado rin ang 40% ng pagkaing pumapasok sa Metro Manila kung mawawalan ng kabuhayan ang mga mangingisda sa lawa. Inianunsyo ni Mark Villar, ang papalit na Kalihim ng Department of Public Works and Highways, ang bidding para sa proyektong *megadike,* kung saan kabilang ang kumpanyang pagmamayaari ng mga Villar sa mga naghahangad na makakuha ng kontrata. AB

# Fabella Hospital, napigilang ipasara




Matagumpay na napigilan ang planong pagsasara sa Fabella Memorial Hospital noong Hunyo 9 matapos ang dalawang linggong protesta ng mga manggagawa at pasyente nito.

Nakuha ng Save Fabella Hospital Movement (SFHM) ang suporta ng multi-sektoral na mga organisasyon sa paglulunsad ng mga pagkilos. Lumahok din ang mga nanay at kanilang mga anak, at mga taga-komunidad malapit sa ospital.

Isang araw bago ang takdang demolisyon, iba't ibang tipo ng protesta ang isinagawa kapwa sa loob at labas ng Fabella. Nagprotesta sa mga pasilyo ang ilang empleyado, manggagawang pangkalusugan, at mga estudyante, at nagladlad ng bandilang "Save Fabella". Sa labas naman, nagsagawa ng protestang *die-in* (paghiga sa kalsada), at simbolikong pinatalsik sina Benigno Aquino, Health Secretary Janette Garin at Fabella Hospital Director Esmeraldo Ilem bilang mga "kaaway ng buntis." Nagsagawa rin ng Barikadang Bayan, mga pangkulturang pagtatanghal, at magdamagang *vigil.*

Dumalo sa Barikadang Bayan si papasok na DSWD Sec. Judy Taguiwalo. Binigyang-diin ni Taguiwalo na ang mga batayang serbisyong panlipunan ay hindi dapat nakatuon sa paghahanap ng ganansya. Dagdag niya, "dapat na laging naglilingkod ang gubyerno sa kanyang mamamayan." Nagpadala rin ng sulat ang SFHM sa papasok na presidenteng Rodrigo Duterte at hininging ipatigil ang pagpapagiba sa ospital.

Nanindigan naman ang Alliance of Health Workers na dapat kumpunihin at imodernisa ang Fabella nang hindi inaalis ang ospital at hindi itinitigil ang serbisyo ng ospital sa may isandaang ina na nanganganak dito araw-araw. Tinuligsa ng grupo ang hindi paggamit sa inilaang P16 milyong badyet noon pang 2010 para sa pagkumpuni at pagbili ng bagong mga kagamitan ng ospital.

Gayunpaman, nagpapatuloy ang laban upang panatilihin ang Fabella Hospital dahil nagmatigas ang pamunuan ng ospital sa pagsasara nito. Noong Hunyo 10 ay nagpahayag ang pamunuan ng Fabella na itutuloy pa rin nila ang paglilipat sa "satellite hospital" ng Fabella sa bakuran ng Lung Center of the Philippines sa Quezon City. Ipapasa rin umano ang mga pasyente sa Philippine General Hospital, San Lazaro Hospital at Jose Reyes Memorial Hospital habang hindi pa natatapos ang permanenteng paglilipatan.

Ngunit ayon kay Dr. Gene Nisperos ng Save Fabella Hospital Movement, ang "satellite hospital" na ito ay isang pribadong ospital na itinayo noong 2007 sa unang tangkang ilipat ang Fabella upang maging bahagi ng turismong medikal sa ilalim ng Philippine Center for Specialized Healthcare. Gayundin, hindi umano kayang saluhin ng nabanggit na mga ospital ang malaking kawalan na iiwan sa pagsasara ng Fabella. Aniya, "matagal nang nandyan ang mga ospital, pero umaabot pa rin sa tatlo hanggang apat ang sanggol sa bawat kama ng Fabella."

Sinabi naman ng papalit na DOH Secretary Paulyn Jean Rosell-Ubial na hindi umano pribatisasyon kundi "korporatisasyon" ang mangyayari sa Fabella. Aniya, makakapaglikom ng sariling kita ang ospital dahil sa kalauna'y hindi na masusustentuhan ng gubyerno ang pagpopondo sa mga serbisyo at pasilidad.

Matagal nang nalantad ang "korporatisasyon" bilang nagbabalatkayong iskemang pribatisasyon, na ang ultimong layunin ay padaliin ang *public-private partnership*. Sa karanasan ng mga ospital na itinransporma nang mga "korporasyon," hindi nakakayanan ng mahihirap na pasyente ang mga serbisyo at pasilidad dahil nakatuon ang mga ospital na ito sa paglikom ng tubo. Sa gayon, napapaburan ang mayayaman at nakakapagbayad na mga pasyente kontra sa mahihirap. Nagrereklamo rin ang mga direktor ng mga naturang ospital dahil kulang ang ibinibigay na subsidyo ng gubyerno para sa mahihirap. Kabilang sa mga ospital na ginawa nang korporasyon ang Philippine Heart Center, National Kidney Institute at Philippine Children's Medical Center.

Sa planong pribatisasyon ng Fabella, mangangahulugan ito ng mas mataas na bayarin para sa serbisyong pangkalusugan ng mga kababaihan at sanggol, at nanganganib ding mawalan ng trabaho ang may 1,300 empleyado ng ospital. Marami na ring doktor ang nakatanggap ng abiso ng pagtanggal sa kanila. AB

## Pagmimina sa Nueva Vizcaya, muling ipinrotesta

NAGBARIKADA ANG mga residente sa Sityo Camgat, Barangay Didipio, Kasibu, Nueva Vizcaya noong Hunyo 15 upang pigilan ang paghuhukay ng Oceana Gold Philippines Inc. (OGPI), isang dambuhalang kumpanya sa pagmimina mula Australia, para palawakin ang operasyon nito sa lugar.

Pinangunahan ng Didipio Earth Savers' Multi-Purpose Association (DESAMA) at Samahang Pangkarapatan ng Katutubong Manggagawa at Magsasaka Inc. (SAPAKKMMI) ang barikada. Giit nilang itigil ng OGPI ang paghuhukay dahil sinisira ng mga kemikal na ginagamit sa operasyon ang sistema ng kanilang inuming tubig at lumalason sa mga ilog. Nanganganib na maapektuhan ang anim pang barangay sa palibot ng Didipio, at iba pa sa mga karatig bayan.

Ayon kay Ernesto Bobola, tagapangulo ng SAPAKKMMI, ayaw na nilang maulit ang pinsalang idinulot ng OGPI noong 2012. Nang magsimula ang operasyon ng kumpanya sa Sityo Magasin ng Didipio sa taong iyon, naubos ang inuming tubig sa lugar. Dahil dito, napilitang lumikas ang mga residente.

Muling ipinahayag ng mga residente ang kanilang hindi pagsang-ayon sa pagpasok ng OGPI. Isang Barangay Resolution ang ipinasa noong 2012 upang pigilan ang OGPI na magpalawak pa ng operasyon. Maging ang lokal na pamahalaan ng Nueva Vizcaya ay nagdeklara ng *no-mining zone* sa ilalim ng EO 79. Pero sa kabila nito, pinayagan ng Mines and Geosciences Bureau na palawigin hanggang 2021 ang pagmimina ng OGPI sa 15,000 ektarya sa mga prubinsya ng Nueva Vizcaya at Quirino.

Sa kasalukuyan ay may 900 ektarya pa lamang ang namimina ng OGPI. Tinatayang 47.6 milyong tonelada ang nakadepositong ginto sa mga lupaing target ng OGPI.

Mariin ding tinuligsa ng SAPAKKMMI ang OGPI sa pagpahayag nito bilang "Most Environmentally Responsible Mining Company" noong Mayo 5. Ayon kay Bobola, malaking kasinungalingan ito dahil ang OGPI ang may pananagutan sa pagkalason ng buong sistema ng mga ilog sa Didipio. Pinatatagas nito ang mga lasong kemikal mula sa *tailings pond* (imbakan ng mga latak ng pagmimina) sa nakapaligid na mga ilog. Dulot nito, namatay ang mga sakahan at mga hayop sa lugar, at nagkasakit ang mga residente. Dalawang barangay din ang inilubog sa tubig para sa *tailings pond* ng kumpanya.

Kabilang ang OGPI sa sampung pinakamasasamang kumpanya sa pagmimina na hinihingi ng Kalikasan People's Network for the Environment kay Rodrigo Duterte na ipasara at palayasin. Isa sa binitiwang pangako ni Duterte na parurusahan niya ang mga dambuhalang mapaminsalang kumpanya. Ang siyam na iba pa ay ang Taganito Mining Corporation sa Surigao del Norte, DMCI Nickel Mine sa Zambales, Citinickel sa Palawan, Philex Mining sa Benguet, Golden Summit Mining Corporation sa Isabela, Sagitarrius Mines Inc. sa South Cotabato, Lepanto-Goldfields sa Benguet, Filminera Resources sa Masbate, at Nickel Asia sa Eastern Samar.

Ang mga kumpanyang ito ang pinakamasasahol sa paninira sa kapaligiran, pagpapalayas sa mga magsasaka at katutubo sa kanilang mga lupa, at brutalidad laban sa lumalabang mamamayan. Noong 2010, isa sa mga ito—ang Taganito—ay pinarusahan ng Bagong Hukbong Bayan. AB

---

## Walang patumanggang pamamaril sa Orlando, kinundena

BUMAHA ANG PAGKUNDENA ng mamamayan sa buong mundo sa walang patumanggang pamamaril noong Hunyo 12 sa Orlando, Florida sa US na naresulta sa pagkamatay ng 50 at pagkasugat ng 58 pa. Ang pamamaril ang itinuturing na pinakakarumal-dumal na atake ng nag-iisang salarin at pinakamalalang karahasan sa mga indibidwal na may piniling kasarian sa kasaysayan ng US.

Naganap ang krimen sa isang *nightclub* na dayuhin ng mga myembro ng komunidad ng LGBTQ (*lesbian-gay-bisexual-transgender-queer o questioning*). Napatay rin sa pangyayari ang salarin na si Omar Mateen, 29-taong gulang, isang Amerikanong ipinanganak sa New York sa mga magulang na mula sa Afghanistan.

Mabilis na binansagan ng imperyalismong US at ng hawak nitong midya ang pamamaril bilang "teroristang atake" at isinisi ang krimen sa ISIS dahil sa pagpapakilala ng salarin bilang myembro ng grupo at dahil sa kanyang relihiyon at lahi. Pero hindi nababanggit ng mga ito ang kapitalista at patriyarkal na kultura na sanhi ng malakas na agos ng *homophobia, biphobia* at *transphobia*. Sa loob mismo ng US, halos 70% ng mga biktima ng pagpaslang noong 2013 ay mga *transgender* na hindi puti. Ito ay sa kabila ng kunwa'y pagkampeon ng ilang bahagi ng estado nito sa karapatan para sa *same-sex marriage* (pagkakasal ng mga indibidwal na may piniling kasarian) at pagbabasura sa ilang mapagdiskriminang patakaran.

Ang *homophobia, biphobia* at *transphobia* ay walang rason na takot at pagkamuhi sa mga indibidwal na may piniling ibang kasarian at tumatangging magpakahon sa mga klasipikasyon ng kasarian na ipinapataw ng reaksyunaryong sistema. Ang takot at pagkamuhing ito ay humahantong sa diskriminasyon at brutal na mga krimen. Halimbawa nito ang karumal-dumal na pagpaslang ni Joseph Scott Pemberton, isang sundalong Amerikano, sa Pilipinang *transgender* na si Jennifer Laude noong 2014. AB

# Imperyalistang panghihimasok at krisis sa Venezuela

Nitong katapusan ng Mayo, pinalawig ni President Nicolas Maduro ng Venezuela ang kapangyarihang pangkagipitan sa harap ng nagpapatuloy na masidhing krisis sa ekonomya at pulitika, malawakang pagkabalisa ng masa at mga pang-uupat at hakbangin para pabagsakin ang anti-imperyalistang gubyerno doon.

**Malalang krisis sa Venezuela**

Mahigit nang isang taon na kinakaharap ng mamamayang Venezuelan at kanilang gubyerno ang matinding krisis sa ekonomya at kabuhayan. Ang kalagayan ng bansa ay sinasamantala ng imperyalismong US. Inuupatan nito ang mga kapitalista, panginoong maylupa, mga upisyal ng militar at pulis at mga burukrata. Nauulol sila sa hangaring ibagsak ang gubyernong nagtataguyod sa Chavismo, o anti-imperyalismo at nasyunalisasyon at pagtataguyod sa interes ng masang Venezuelan sa ilalim ng bandila ng sosyalismo.

Ang krisis sa Venezuela ay tuwirang ibinunsod ng pagbagsak ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan, ang kalakal na bumubuo ng 95% ng eksport ng bansa at pangunahing pinagkukunan ng kita nito. Ang Venezuela ang bansang may ikalawang pinakamalaking reserbang langis (sunod sa Canada) sa buong mundo.

Hanggang noong maagang bahagi ng 2014, ang presyo ng krudong langis ay nasa $115-120 kada bariles. Tuluy-tuloy na sumadsad ito hanggang umabot sa $23 kada bariles sa maagang bahagi ng 2016. Ang halaga ng produksyon ng langis sa Venezuela ay $20 bawat bariles. Dahil dito, bumagsak ang kita ng bansa.

Ang reserbang dolyar ng Venezuela ay nangalahati mula $24 bilyon noong maagang bahagi ng 2015 tungong $12.7 bilyon nitong Mayo. Sa harap ng kakulangan ng dolyar, bumagsak nang 18.7% ang kabuuang halaga ng mga kalakal na iniimport ng Venezuela at tinatayang bubulusok pa ito nang 40% ngayong taon.

Malaki ang kakulangan sa suplay ng pagkain, gamot at iba pang pangangailangan. Hanggang 70% ng pangangailangan ng Venezuela sa pagkain ay inaangkat. Karaniwang kulang na kulang ang laman ng mga *grocery* na pinatatakbo ng estado.

Ang kakulangan ng suplay ay pinalala ng sadyang pagpapabagal o pagtigil ng produksyon ng mga pribadong empresa sa hangaring yanigin ang gubyernong Maduro. Sinasamantala pa ito ng mga "hoarder" na mga pribadong kapitalista na iniipit ang suplay ng mga kalakal at inilalabas ito sa iligal na pamilihan.

Dahil dito, malala ang pagsirit ng presyo ng mga bilihin. Halimbawa, ang presyo ng isang kilong mais ay itinakda ng estado sa $0.02, pero nagagawa ng mga pribadong mangangalakal na ibenta ito sa $2.00 dahil sa kakulangan ng suplay. Naganap ang *hyperinflation* (sobrang taas na implasyon o pagtaas ng presyo ng mga bilihin) na umabot nang 68% noong 2014 at 180% noong 2015. Mas mataas pa ang pagsirit ng presyo ng pagkain at alak.

Dahil sa kakulangang ito, karaniwan na ang mahahabang pila sa mga tindahang pinatatakbo ng gubyerno. Sa nagdaang taon, umabot sa 100 kaso ng *looting* (o pagnanakaw sa mga tindahan) at ispontanyong mga demonstrasyon.

Pinalala pa ang sitwasyon ng problema ng tagtuyot bunga ng El Niño. Bumagsak ang kapasidad ng mga *hydroelectric dam* at naganap ang malawakang kakulangan ng kuryente. Dahil dito, itinakda ng gubyerno ang dalawang beses na pasok kada linggo sa mga institusyong pampubliko.

**Imperyalistang pang-uupat ng kaguluhan**

Walang-awat ang imperyalismong US sa pang-uupat ng kaguluhan sa Venezuela sa layong pabagsakin ang gubyernong anti-imperyalista at wakasan ang mga patakaran ng nasyunalisasyon at reporma para sa kagalingang panlipunan. Lumakas ang loob ng US sa tangkang patalsikin si Maduro matapos magtagumpay ang mga ahente nito na patalsikin ang anti-US na gubyerno ni Dilma Rousseff sa Brazil nitong Mayo na kaalyado



ni Maduro, sa pamamagitan ng *impeachment* na tinurang kudeta sa esensya at iluklok ang bise-presidenteng maka-US.

Sa nagdaang mahigit isang dekada, walang tigil ang imperyalismong US sa panghihimasok sa Venezuela at iba't ibang bansa sa Latin Amerika na bumubuo ng blokeng Bolivarian (prinsipyo ng patriyotismo at anti-imperyalismo sa ngalan ng rebolusyonaryong bayani na si Simon Bolivar).

Noong 2002, pinabagsak ng US sa pamamagitan ng kudeta ang anti-imperyalistang si Hugo Chavez ngunit nakabalik agad ito sa poder sa tulak ng malawakang pag-aaklas ng mamamayang Venezuelan.

Noong 2014, sa tulak din ng US, naglunsad ng mararahas na demonstrasyon ang mga partidong anti-Maduro. Gayunman, nabigo ang mga ito na makakuha ng malawak na suporta sa mamamayang Venezuelan.

Nitong Disyembre 2015, sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng isang dekada, nakuha ng mga oposisyunistang kumakatawan sa mga kapitalista at asendero ang mayorya sa parlamentong National Assembly. Nagbabanta ang parlamento na baligtarin ang mga patakaran at batas na ipinatupad sa nagdaang mahigit isang dekada ng nasyunalisasyon at demokratikong reporma.

Kasabay nito, pinalarga ng mga ahente ng US at mga sinusuportahan nitong organisasyon at masmidya ang panawagan para sa reperendum para ligal na alisin si Maduro sa poder. Gayunpaman, ang mga tangkang ito ay pumapalya sa harap ng kabiguan na mag-ipon ng sapat na bilang ng pirma.

Dismayado ang mamamayang Venezuelan sa kabiguan ng gubyernong Maduro na mapagpasyang lutasin ang krisis at supilin ang mga kapitalista sa pagsabotahe sa ekonomya at kabuhayan ng mamamayan. Bigo ang gubyernong Maduro na pakilusin ang mamamayang Venezuelan at sa halip ay umaasa sa paggamit ng burukrasya at pwersang militar at pulis para ipagtanggol ang sarili.

Mula 2014, nagbibigay ito ng konsesyon sa hinihingi ng mga kapitalista kabilang ang liberalisasyon sa palitan ng salapi, pag-alis ng subsidyo sa presyo ng langis, pagtayo ng mga Special Economic Zone para akitin ang dayuhang pamumuhunan, pagbukas ng malawak na lupain para sa pagmimina atbp.

Nitong Marso at Mayo, inangkin ni Maduro ang kapangyarihan para kunin ang mga pabrikang pinaparalisa ng mga kapitalista at ilipat ito sa kontrol ng mga komuna (mga pampulitikang organisasyon ng masa). Subalit kasabay nito, nagbigay ito ng pagtitiyak sa IMF na babayaran nito nang buo at sa oras ang pagkakautang nito.

Sa kabila ng pagkadismaya sa gubyernong Maduro at matinding krisis, bigo ang mga pwersang anti-Maduro na mag-ipon ng malakas na pwersang masa. Sa pamamagitan ng kanilang mga independyenteng organisasyon, kumikilos ang mamamayan sa malalaking demonstrasyong kumokontra sa panghihimasok ng US at nagtataguyod sa Chavismo.

## Kalakasan at kahinaan ng Chavismo

ANG PATULOY NA malawak at militanteng paglaban ng mamamayang Venezuelan sa imperyalistang panghihimasok at pagtatanggol sa gubyernong Maduro ay pagpapamalas ng pagsuporta nito sa sistemang itinatag sa pamumuno ni Chavez na puspusang pagkalinga ng estado sa kagalingan at interes ng karaniwang mamamayan.

Sa loob ng halos isang dekada (2002-2013), nagtamasa ang mamamayang Venezuelan ng libreng serbisyong pangkalusugan at libreng edukasyon hanggang kolehiyo. Ipinatupad ang malawakang konstruksyon ng libreng pabahay. Pinatakbo ng estado ang mga pamilihan at isinailalim sa kontrol ng estado ang presyo upang tiyakin na abot-kaya ng mamamayan ang pagkain at mga gamot.

Sa kabilang panig, ang kasalukuyang krisis sa Venezuela ay salamin ng mga kakulangan at limitasyon ng ipinatupad na patakaran at programa sa ilalim ng anti-imperyalistang gubyernong Chavez.

Malinaw na naging limitasyon ng programa ng Chavismo ang hindi nito pagbaklas sa pagsalalay ng Venezuela sa pag-eksport nito ng langis at hindi pagpapaunlad ng iba't ibang aspeto ng ekonomya. Nabigo ang anti-imperyalistang estado na planuhin ang ekonomya, kabilang ang pagplano ng produksyon ng pagkain, dahil malaking bahagi ng mga kagamitan sa produksyon ay nanatiling nasa kamay ng malalaking kapitalista.

Bagaman deklaradong sosyalista, ang nagawa pa lamang ni Chavez ay isagawa ang anti-imperyalista at mga repormang radikal para ilaan ang yaman ng bansa sa pag-ahon ng masang Venezuelan mula sa paghihirap at pagdurusa. Isinabansa ang pangunahing kumpanya sa langis, pati na ang pinakamalaking pabrika ng papel, telekomunikasyon atbp. Subalit nanatiling pribado ang malaking bahagi ng ekonomya kabilang ang produksyon ng pagkain.

Kaalinsabay ng mga patakaran sa pagtugon sa kagalingan ng bayan, isinagawa rin ang malawakang pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan. Binuo ang mga komuna ng mga maralita na ala-sobyet na binigyan ng kapangyarihan sa paggugubyerno, kabilang ang pagtatakda ng mga programa sa lokalidad na pinopondohan ng estado. Nagsilbi ito sa pagpapatatag ng gubyernong anti-imperyalista.